



**- IPASKIL KUNG SAAN MADALING MABABASA NG MGA EMPLEYADO -  
- PAGMUMULTAHIN ANG MGA LALABAG -**

# **OPISYAL NA ABISO**

## **Pinakamababa na Posibleng Sahod (Minimum Wage Rate)**

**\$12.00 kada oras**

### **PINAKAMABABANG SAHOD O MINIMUM WAGE SA SAN LEANDRO Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Hulyo 1, 2017**

Simula Hulyo 1, 2017, kailangang bayaran ng mga taga-empleyo na nagpapatakbo ng negosyo o organisasyong non-profit sa San Leandro ang bawat empleyado ng sahod na hindi bababa sa \$12.00 kada oras, na may mga limitadong ekespsiyon. Ipatutupad ang pangangailangang ito sa lahat ng mga taga-empleyo sa San Leandro na nasasakop ng naipasa nang Ordinansa para sa Pinakamababa na Posibleng Sahod (Minimum Wage Ordinance) ng San Leandro, ilan man ang bilang ng kanilang empleyado.

Ang sumusunod ang iskedyul ng pagpapatupad ng Ordinansa para sa Pinakamababa na Posibleng Sahod:

| <b><u>Pinakamababang Sahod</u></b> | <b><u>Petsa na May Bisa</u></b> |
|------------------------------------|---------------------------------|
| <b>\$12/oras</b>                   | <b>Hulyo 1, 2017</b>            |
| <b>\$13/oras</b>                   | <b>Hulyo 1, 2018</b>            |
| <b>\$14/oras</b>                   | <b>Hulyo 1, 2019</b>            |
| <b>\$15/oras</b>                   | <b>Hulyo 1, 2020</b>            |

Sa ilalim ng Ordinansa, protektado ang mga empleyadong iggigiit ang kanilang mga karapatan na makatanggap ng pinakamababang sahod ng Lungsod mula sa pagganti. Puwedeng maghain ang mga empleyado ng sibil na kaso sa korte laban sa kanilang mga taga-empleyo para sa anumang paglabas sa Ordinansa, o maghain ng reklamo sa Departamento ng Pinansiya (Department of Finance) ng Lungsod. Maaaring imbestigahan ng Lungsod ang anumang posibleng paglabag, at magkakaroon ito ng daan sa pagkuha ng mga rekord ng payroll o listahan ng pasuweldo, at puwede ring ipatupad ang mga paglabag sa itinatak dang pinakamababang sahod sa pamamagitan ng pag-uutos ng muling pagpapabalik sa trabaho ng mga empleyado, pagbabayad ng mga hindi naibigay na sahod na labag sa batas na ipinagkait, at mga multa.

Dapat ninyong kontakin ang inyong taga-empleyo kung naniniwala kayong hindi tama ang pagbabayad sa inyo. Kung may mga tanong kayo tungkol sa ordinansa sa pinakamababang sahod ng Lungsod ng San Leandro, o kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon, pakibisita ang:

[www.sanleandro.org/minimumwage](http://www.sanleandro.org/minimumwage)